# Mga Turo tungkol sa Pagtataguyod at Pagsang-ayon sa mga Tinawag na Mamuno

## Bahagi 1

Itinuro ni Pangulong Henry B. Eyring ng Unang Panguluhan:



Ang lider ninyo sa Simbahan ng Panginoon ay maaaring tila mahina o may pagkukulang para sa inyo o maaaring makita ninyo siya na malakas at inspirado. Ang katotohanan ay mayroon ang lahat ng lider ng pinaghalong katangiang iyon at marami pang iba. Ang nakakatulong sa mga tagapaglingkod ng Panginoon na tinawag upang mamuno sa atin ay kapag tinitingnan natin sila tulad ng pagtingin ng Panginoon noong tawagin Niya sila.

Kilalang-kilala ng Panginoon ang Kanyang mga tagapaglingkod. Nakikita Niya ang kanilang potensyal at kanilang hinaharap. At alam Niya kung paano mababago ang kanilang pagkatao. Alam din Niya kung paano sila mababago ng kanilang mga karanasan kasama ang mga tao na pinamumunuan nila. . . .

. . . Kung nananampalataya kayo na pinamumunuan ng Panginoon ang Kanyang Simbahan sa pamamagitan ng paghahayag sa mga di-perpektong tagapaglingkod na iyon na Kanyang tinawag, bubuksan ng Panginoon ang mga dungawan ng langit para sa kanya, at gagawin din Niya iyon sa inyo. (Henry B. Eyring, “Pinamumunuan ng Panginoon ang Kanyang Simbahan,” *Liahona*, Nob. 2017, 83–84)

## Bahagi 2

Sabi ni Brother Stephen W. Owen, na dating Young Men General President:



Magkakaroon ng mga pagkakataon sa inyong buhay na tatawagin kayo para mamuno. Sa ibang mga pagkakataon, aasahan kayong sumunod. Ngunit ang mensahe ko sa inyo ngayon ay na anuman ang calling ninyo, lagi kayong isang pinuno, at lagi kayong isang alagad. Ang pamumuno ay isang pagpapahayag ng pagkadisipulo—pagtulong lamang ito sa iba na lumapit kay Cristo, na siyang ginagawa ng tunay na mga disipulo. Kung sisikapin ninyong maging alagad ni Cristo, matutulungan ninyo ang iba na sumunod sa Kanya at maaaring kayo ang maging pinuno.

Ang kakayahan ninyong mamuno ay hindi nagmumula sa hilig ninyong makipagkaibigan, kasanayan ninyong manghikayat, o kahit sa husay ninyong magsalita sa publiko. Nagmumula ito sa pangako ninyong sumunod kay Jesucristo. (Stephen W. Owen, “Ang Pinakadakilang mga Pinuno ay ang Pinakadakilang mga Alagad,” *Liahona*, Mayo 2016, 75)

## Bahagi 3

Basahin ang mga sumusunod na talata:

Doktrina at mga Tipan 107:22 (Pansinin ang mga paraan na itinuturo sa atin ng talatang ito na itaguyod at sang-ayunan ang Unang Panguluhan. Isipin kung paano naaangkop din ang mga paraang ito sa pagtataguyod at pagsang-ayon sa iba pang tungkulin.)

Exodo 17:9–12 (Pansinin kung paano itinaguyod si Moises nang labanan ng Israel ang mga tao ng Amalek.)

## Bahagi 4

Itinuro ni Brother Stephen W. Owen, na dating Young Men General President:



Si [Jesucristo] ang pinakadakilang pinuno *dahil* Siya ang pinakadakilang alagad—sinusunod Niya nang lubusan ang Kanyang Ama, sa lahat ng bagay. (Stephen W. Owen, "Ang Pinakadakilang mga Pinuno ay ang Pinakadakilang mga Alagad," *Liahona*, Mayo 2016, 75)

Habang binabasa mo ang mga talatang ito, pansinin ang mga paraan kung paano sinunod ni Jesus ang Kanyang Ama at ang mga paraang napalakas si Jesus nang gawin niya ang mga ito.

Lucas 22:41–43

Juan 12:49–50



© 2024 by Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved. PD80007812_893_556-1